Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Agosto 11, 2025
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, nakipagkasundo sa Argent Materials para resolbahin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin

Argent, magde-deploy ng fenceline na system para sa pagsubaybay ng hangin para ma-track ang mga emisyon nang real time

SAN FRANCISCO – Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay nagkaroon ng kasunduan sa Argent Materials, Inc. na magreresolba sa mga paglabag sa pasilidad ng pinagsama-samang pagre-recycle ng kumpanya sa East Oakland. Sa ilalim ng mga tuntunin ng kasunduan sa pag-areglo, ang Argent ay mag-i-install at magpapatakbo ng isang fenceline na system para sa pagsubaybay ng hangin sa parehong bakuran ng pasilidad nito sa East Oakland para sa higit pang transparency at magbigay ng tuluy-tuloy na data ng kalidad ng hangin sa Distrito ng Hangin at sa komunidad.

“Pinaninindigan ng kasunduang ito ang aming pangako na protektahan ang kalusugan ng publiko at papanagutin ang mga pasilidad sa mga komunidad kung saan sila tumatakbo," sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Sinisiguro nito ang mahahalagang pangako na nagsusulong ng pangangasiwa at transparency ng komunidad."

Sa unang bahagi ng taong ito, tinanggihan ng Distrito ng Hangin ang mga aplikasyon para sa permit ng Argent na palawakin ang mga operasyon nito dahil sa hindi katanggap-tanggap na mga panganib sa kalusugan na nauugnay sa iminungkahing pagpapalawak. Ipinapakita sa pagsusuri ng ahensya sa pagpapalawak na ang mga nakakalasong emisyon sa hangin na ilalabas sa mas mataas na antas ng operasyon ay hindi naaayon sa mga pamantayang pangproteksyon sa kalusugan sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin.

Bilang bahagi ng kasunduan, ibinasura ng Argent ang apela nito sa pagtanggi sa permiso ng Distrito ng Hangin at mag-i-install at magpapatakbo ito ng mga fenceline na tagasubaybay ng hangin na naaayon sa mga detalye ng Distrito ng Hangin at mga pamantayan sa pagtiyak ng kalidad. Ireresolba rin ng kasunduan ang mga paglabag sa pasilidad ng pinagsama-samang pagre-recycle ng Argent, depende sa patuloy na operasyon ng kinakailangang sistema ng pagsubaybay sa loob ng tatlong magkakasunod na taon. Puwedeng maharap ang Argent sa mga pinansiyal na parusa kung hindi ito makakasunod sa mga tuntunin ng kasunduan.

Kamakailan ay nagsumite ang Argent ng isang bagong aplikasyon para sa permit para madagdagan ang mga operasyon sa pasilidad nito ng pinagsama-samang pagre-recycle. Ang aplikasyon para sa permit ay susuriin para matukoy kung ito ay sumusunod sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin, kasama ang pangangailangan na ang mga iminungkahing proyekto ay dapat sumunod sa mga pamantayan ng ahensya sa panganib sa kalusugan. Hanggang sa maaprubahan ang aplikasyon nito para sa permit, hindi puwedeng palawakin ng Argent ang mga operasyon sa pasilidad nito ng pinagsama-samang pagre-recycle. Sa ilalim ng kasunduan, ang Distrito ng Hangin ay magsasagawa ng panghuling aksyon sa aplikasyon para sa permit sa Setyembre 30.

Ang Distrito ng Hangin ay nananatiling nakatuon sa pagpapatupad ng mga tuntunin sa kalidad ng hangin at pagtiyak na ang mga pinapahintulutang pasilidad ay nakakatugon sa mahigpit na mga pamantayan para bawasan ang polusyon at protektahan ang mga komunidad ng Bay Area, partikular ang mga dati nang labis na apektado ng polusyon sa hangin.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable sa pagprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdigang klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram, at YouTube.

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | *News Releases*